Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG NOBYEMBRE 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ------------------- | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ------------------- | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ------------------- | Kagawad – ABC Chairman |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ------------------- | Kagawad – SK Chairman |

*KAPASIYAHAN BLG. 263-T'2002*

*KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG ISANG MAINIT NA PAGBATI SA KGG. TERESITA S. LAZARO, PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA SA IKA-60 ANIBERSARYO NG KANYANG KAARAWAN NOONG IKA-18 NG NOBYEMBRE, 2002.*

*SAPAGKA'T*, may mga hangaring pansamantalang dapat na isasantabi ukol sa ibayong kagalingan ng ating lalawigan at ang pangunahing pag-ukulan ng pagpapahalaga ay ang pagpapalang patuloy na ipinagpapasalamat sa Poong Lumikha sa muling pagsapit ng kaarawan ng ating Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro;

*SAPAGKA'T*, ito ang tanging ipinahahatid ng mga Kgg. na kasapi ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na siya ay batiin at maging isang bahagi ng kasayahan sa puso at diwa ng sangguniang ito.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Eugenio A. Javier, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na ipaabot ang isang mainit na pagbati sa Kgg. Teresita S. Lazaro, Punong Lalawigan ng Laguna sa ika – 60 anibersaryo ng kanyang kaarawan noong ika-18 ng Nobyembre, 2002.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, bayang ito, para sa kanyang kabatiran.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan